ANO ANG SCREENING?

Ang pagkakaroon ng colorectal cancer ay halos palaging pinangungunahan ng paglitaw ng mga benign na lesion sa bituka (mga polyp o adenoma).
Nilalayon ng screening para sa pagpigil at maagang diagnosis ng colorectal cancer na matukoy ang mga precancerous lesion na ito at nang maibigay nang maaga ang mabisang paggagamot.
Pinalawig ang saklaw ng edad para sa screening sa lagpas 69 taon gulang para unti-unting masaklaw ang lahat na taong may edad na nasa pagitan ng 50 at 74 taon.

FILIPPINO

RegioneEmilia-Romagna

SERVIZIO SANITARIO REGIONALE
EMILIA-ROMAGNA

NAIS MO BA NG DAGDAG NA IMPORMASYON?

Bisitahin kami online

regioneer.it/colon

o tawagan kami sa aming toll-free na numero

800 033 033

bawat araw ng linggo mula 8.30am hanggang 6pm at tuwing Sabado mula 8.30am hanggang 1pm.

RegioneEmilia-Romagna

SERVIZIO SANITARIO REGIONALE
EMILIA-ROMAGNA

SIMPLE ITO, LIBRE AT MAILILIGTAS ANG IYONG BUHAY.

MALILIGTAS NG SCREENING ANG BUHAY MO!

Simple lang ang screening, libre at mabisa, dahil kung maagang madetekta ang sakit, mas malaman ang ganap na paggaling.
Ang colorectal cancer ay:

ANG IKA-2 NA PINAKA-DIAGNOSED

ANG IKA-2 PINAKA-NAKAMAMATAY SA POPULASYON NG ITALYA

Para sa mga regular na sumasailalim sa colorectal cancer screening, bumababa ang pagkamatay at rate ng diagnosis.

NA IKINAMAMATAY

-65% sa kalalakihan

-54% sa kababaihan

DIAGNOSIS NA KANSER

-33% sa kalalakihan

-21% sa kababaihan

PAANO ITO GUMAGANA

Kasama sa screening ang pagsuri para sa occult blood sa stool gamit ang isang sample na makokolekta mo sa tahanan.

1. **KOLEKTAHIN ANG KIT** MULA SA LOKASYON NA IPINABATID SA LIHAM

2. **BASAHIN ANG MGA TAGUBILIN**
3. **KUMOLEKTA NG STOOL SAMPLE** GAMIT ANG STICK NA IBINIGAY

4. **ISUMITE ANG SAMPLE** SA COLLECTION CENTRE NA IPINABATID SA LIHAM
5. **IPAPADALA ANG RESULTA** SA TAHANAN MO O SA IYONG EHR

BAWAT DALAWANG TAON MAKATATANGGAP KA NG IMBITASYON PARA ULITIN ANG SCREENING

Importanteng ulitin ang pagsusuri, kahit na maganda ang pakiramdam mo, dahil madalas na walang dinudulot na sintomas ang mga polyp at tumor nang maraming taon.

PAANO KUNG POSITIBO ANG TEST?

Ang pagkakaroon ng occult blood sa stool ay hindi agad nangangahulugan na mayroong polyp o tumor.
Ang pagdurugo ay maaaaring dulot din ng iba pang mga salik, kagaya ng fissures, haemorrhoids o diverticulitis.
Para sa dahilang ito, kung positibo ang test, importanteng sumailalim sa rekomendadong colonoscopy examination.